# SINUMPAANG SALAYSAY NG PAHINTULOT NG TAGAPAG-ALAGA



Ang paggamit ng sinumpaang salaysay na ito ay pinahihintulutan ng Bahagi 1.5 (simula sa Seksyon 6550) ng Dibisyon 11 ng Kodigong Pampamilya ng California. Hindi nito naaapektuhan ang mga karapatan ng mga magulang o legal na tagapangalaga ng menor de edad hinggil sa pangangalaga, kustodiya, at pagkontrol sa menor de edad, at hindi ito nangangahulugan na ang tagapag-alaga ay may legal na kustodiya sa nasabing menor de edad. Ang sinumpaang salaysay na ito ay hindi nangangahulugan na awtomatiko nang ituturing na isang dependent ang nasabing menor de edad para sa mga layunin ng pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang menor de edad na nakapangalan sa ibaba ay nakatira sa aking tahanan at ako ay 18 taong gulang pataas.

1. Pangalan ng menor de edad: ____________________
2. Petsa ng kapanganakan ng menor de edad: ____________________
3. Ang aking pangalan (*taong nasa hustong gulang na nagbibigay ng pahintulot*): ____________________
4. Ang address ng aking tirahan: ____________________
5. Ako ay kamag-anak ng bata (tingnan ang likod ng form na ito para sa kahulugan ng "kamag-anak").
6. Lagyan ng tsek ang isa o pareho (halimbawa, kung ang isang magulang ay nasabihan at ang isa ay hindi matagpuan):
   - ☐ Ipinagbigay-alam ko sa (mga) magulang o sa ibang (mga) tao na may legal na kustodiya sa menor de edad ang aking hangaring pahintulutan ang pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan, at wala akong natanggap na anumang pagtutol.
   - ☐ Sa ngayon, hindi ko makontak ang (mga) magulang o iba pang (mga) tao na may legal na kustodiya sa menor de edad, upang ipaalam sa kanila ang aking nilalayong pahintulot.

7. Ang petsa ng aking kapanganakan: ____________________
8. Ang aking lisensya sa pagmamaneho o identification card sa California o kard ng konsulado na inisyu ng gobyerno numero: ID# ____________________ (Maglakip ng kopya; tingnan ang pahina 2, Para sa mga Tagapag-alaga, #4)

**BABALA SA TAGAPAG-ALAGA: HUWAG LAGDAAN ANG FORM NA ITO KUNG ALINMAN SA MGA PAHAYAG SA ITAAS AY HINDI TAMA, KUNG HINDI, MAKAKAGAWA KA NG ISANG KRIMEN NA MAY PARUSANG MULTA, PAGKABILANGGO, O PAREHO.**

**BABALA SA MGA LOKAL NA AHENSYANG PANG-EDUKASYON AT MGA TAGAPAGKALOOB NG SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN: HINDI KAILANGAN ANG SELYO O LAGDA MULA SA HUKUMAN. HINDI KAILANGANG IPANOTARYO ANG FORM NA ITO.**

Ipinahahayag ko sa ilalim ng kaparusahan para sa panunumpa nang walang katotohanan alinsunod sa mga batas ng Estado ng California na ang mga nabanggit sa itaas ay totoo at tama. Kung ang menor de edad ay hindi na nakatira sa iyo, obligasyon mong abisuhan ang anumang paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na binigyan mo ng sinumpaang salaysay na ito. Lagda ng Tagapag-alaga: ________________________ Petsa: ________________________

Ang Pahintulot na ito ay isinalin/ipinaliwanag sa wikang nauunawaan ________________________ ng kliyente at/o ng taong nasa hustong gulang at may pananagutan.

Kung ang isinaling bersiyon ng Pahintulot na ito ay nilagdaan ng kliyente at/o ng taong nasa hustong gulang at may pananagutan, ang isinaling bersiyon ay dapat ilakip sa bersiyong Ingles.

- Ang deklarasyong ito ay hindi nakaaapekto sa mga karapatan ng mga magulang o legal na tagapangalaga ng menor de edad hinggil sa pangangalaga, kustodiya, at pagkontrol sa menor de edad, at hindi nangangahulugan na ang tagapag-alaga ay may legal na kustodiya sa menor de edad.
- Ang sinumang taong nagtitiwala sa sinumpaang salaysay na ito ay walang obligasyong magsagawa ng anumang karagdagang pagsisiyasat o imbestigasyon.
- Ang sinumpaang salaysay na ito ay may bisa lamang sa loob ng isang taon matapos ang petsa kung kailan ito isinagawa.

## MAHALAGANG IMPORMASYON

**PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA**

1. Ang "Kamag-anak," para sa mga layunin ng item 5, ay tumutukoy sa taong nasa hustong gulang na may kaugnayan sa bata gawa ng pagiging magkadugo, pag-aampon, o pagiging kamag-anak sa loob ng ikalimang antas ng kaugnayan, kabilang ang mga stepparent, stepsibling, at lahat ng kamag-anak na ang katayuan ay sinsundan ng mga salitang “great,” “great-great,” o “grand,” o ang asawa ng sinuman sa mga taong ito kahit na ang kasal ay nagwakas na dahil sa kamatayan o paghihiwalay.
2. Maaaring hilingin sa iyo ng batas, kung hindi ka kamag-anak o kasalukuyang lisensyadong foster parent, na kumuha ng resource family approval alinsunod sa Seksyon 1517 ng Kodigong Pangkalusugan at Pangkaligtasan o Seksyon 16519.5 ng Kodigo ng Kagalingan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code) upang makapangalaga ng isang menor de edad. Kung mayroon kang anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na kagawaran ng mga serbisyong panlipunan.
3. Kapag ang menor de edad ay hindi na nakatira sa iyo,wala na ring bisa ang sinumpaang salaysay na ito. Obligasyon mong abisuhan ang anumang paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na binigyan mo ng sinumpaang salaysay na ito na ang menor de edad ay hindi na nakatira sa iyo at, dahil dito, wala na ring bisa ang sinumpaang salaysay na ito.
4. Kung wala ka ng impormasyong hinihingi sa item 8 (lisensya sa pagmamaneho o identification card sa California o kard ng konsulado na inisyu ng gobyerno), magbigay ng iba pang uri ng pagkakakilanlan tulad ng numero ng iyong social security o numero sa Medi-Cal.

**PARA SA MGA OPISYAL NG PAARALAN**

1. Nakasaad sa Seksyon 48204 ng Kodigong Pang-edukasyon na ang sinumpaang salaysay na ito ay sapat na batayan upang matukoy ang tinitirhan ng menor de edad, nang hindi na kailangan ang legal na pangangalaga (guardianship) o iba pang utos hinggil sa kustodiya, maliban na lamang kung napag-alaman ng distrito ng paaralan mula sa mga aktwal na impormasyon na ang menor de edad ay hindi nakatira kasama ng tagapag-alaga.
2. Maaaring humingi ang distrito ng paaralan ng karagdagang makatwirang katibayan na ang tagapag-alaga

ay nakatira sa addres na nakasaad sa item 4.

3. Hindi kailangan ang selyo o lagda ng hukuman. Hindi kailangang ipanotaryo ang form na ito.

**PARA SA MGA TAGAPAGKALOOB NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT MGA PLANO NG SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN**

1. Kapag nilagdaan ng isang kamag-anak, ang sinumpaang salaysay na ito ay magkakaloob ng parehong karapatan na pahintulutan ang pangangalagang medikal at dental para sa menor de edad na ibinibigay sa mga tagapangalaga sa ilalim ng Seksyon 2353 ng Kodigo ng Pagpapatibay sa Huling Habilin (Probate Code). Maaaring kabilang sa pangangalagang medikal na pinahihintulutan ng isang kamag-anak na tagapag-alaga ang pagpapagamot para sa kalusugang pangkaisipan na napapasailalim sa mga limitasyon ng Seksyon 2356 ng Kodigo ng Pagpapatibay sa Huling Habilin.
2. Ang isang tagapagkaloob ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kumikilos nang may mabuting hangarin batay sa sinumpaang salaysay ng pahintulot ng tagapag-alaga upang magbigay ng pangangalagang medikal o dental, nang walang aktwal na kaalaman sa mga impormasyong salungat sa mga nakasaad sa sinumpaang salaysay, ay hindi napapasailalim sa pananagutang kriminal o sibil sa sinumang tao, at hindi napapasailalim sa propesyonal na aksyong pandisiplina, dahil sa pagtitiwalang iyon kung ang mga naaangkop na bahagi ng form ay nakumpleto. Hindi kailangan ang selyo o lagda ng hukuman. Hindi kailangang ipanotaryo ang form na ito.
3. Ang sinumpaang salaysay na ito ay hindi nagkakaloob ng katayuan bilang dependent para sa mga layunin ng pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan.